

Tagalog

**Kailangan mo ba ng tulong sa pagresolba ng problema sa iyong tagabigay ng mga serbisyong pampinansyal?**

Ang FOS Australia ay nagbibigay ng patas at walang kinikilingang pagresolba ng alitan. Ito ay walang bayad para sa mga konsyumer.



## Sa anong uri ng mga problema ka maaaring tulongan ng FOS?

- Bangko at pananalapi
- Pautang
- Insurance sa kotse, bahay, mga nilalaman ng bahay, at pagbibiyaha Insurance sa buhay (life insurance)
- Pagpapalano sa pananalapi
- Insurance broking
- Mga pamumuhunan (investments)
- Mga pondong ipinamamahala (managed funds)
- Mga pinagsama-samang pondo ng superannuation (pooled superannuation funds) at marami pa

Matutulungan ka namin kung ang iyong tagabigay ng mga serbisyong pangpinansyal ay miyembro ng FOS. Alamin sa pagbisita sa aming website: [www.fos.org.au/member](http://www.fos.org.au/member)

## Paano lulutasin ang problema?

### Unang hakbang

Sabihan ang inyong tagabigay ng mga serbisyong pampinansyal – maraming mga problema ang naayos sa ganitong paraan.

### Ikalawang hakbang

Hindi pa rin masaya? Kontakin ang FOS.

### Pangatlong hakbang

Makikipagtulungan kami sa iyo at sa iyong tagabigay ng mga serbisyong pangpinansyal upang matulungan kang makamtan ang patas na kasunduan.

Kung ikaw at ang iyong tagabigay ng mga serbisyong pampinansyal ay hindi magkasundo, kami ay gagawa ng desisyon, habang isinasaalang-alang ang mga batas, mga koda ng gawi (codes of practice) at impormasyon na ibinahagi ng bawat partido.

# Kailangan mo ba ng tulong sa paggamit ng aming serbisyo?

## Serbisyo ng interpreter

Kung hindi Ingles ang iyong unang wika, maaari naming ayusing mabigyan ka ng libreng serbisyo ng interpreter.

Tawagan ang libreng serbisyo ng interpreter sa **131 450** o tawagan kami sa **1800 367 287** at aayusin naming mabigyan ka ng interpreter.

Ang pagrereklamo sa FOS ay walang bayad, Hindi mo kailangang magbayad kaninuman para tulungan ka.

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng tulong ng isang tao, maaaring maging kwalipikado ka sa libreng legal aid (tulong sa batas) o tulong na pagpapayong pinansyal.

Bisitahin ang [www.nationallegalaid.org](http://www.nationallegalaid.org) o [www.financialcounselingaustralia.org](http://www.financialcounselingaustralia.org) para sa karagdagang impormasyon.

## Tseklist

Narito ang ilang hakbang na kailangang isaalang-alang bago pumunta sa FOS:

- Nagreklamo ka na ba sa iyong tagabigay ng mga serbisyong pang pinansyal?
- Binigyan mo ba ang iyong tagabigay ng mga serbisyong pinansyal ng 45 araw para makatugon? (21 araw para sa mga suliraning kagipitang pinansyal)
- Ang tagabigay ba ng mga serbisyong pampinansyal ay miyembro ng FOS?
- Naghahanda ba ng legal na aksyon laban sa iyo ang iyong tagabigay ng mga serbisyong pinansyal? Kung oo, kontakin kaagad ang FOS.

## Maki-ugnay sa amin



[www.fos.org.au](http://www.fos.org.au)



[info@fos.org.au](mailto:info@fos.org.au)



1800 367 287  
Lunes hanggang Biyernes,  
9.00-5.00nh



Financial Ombudsman Service  
GPO Box 3, Melbourne VIC 3001



Kung ikaw ay bingi, o may kapansanan sa pandinig o pananalita, kontakin kami sa pamamagitan ng National Relay Service.  
[www.relayservice.gov.au](http://www.relayservice.gov.au)



Interpreting service **131 450**